



American  
Heart  
Association.

Para Lang sa Internal na Paggamit

**Fact Sheet ukol sa Update sa Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at  
Stroke sa 2025 Mga Babae at Mga Cardiovascular na Sakit\***

**Cardiovascular Disease (CVD) (ICD-9 390 hanggang 459; ICD-10 I00 hanggang I99)**

- Sa mga babae edad 20 pataas mula 2017 hanggang 2020, 44.8% ang nagkaroon ng isang anyo ng cardiovascular disease, kumpara sa 52.4% sa mga lalaki.
- Sa mga babae edad 20 pataas mula 2017 hanggang 2020, 44.6% ng mga non-Hispanic (NH) White na babae ang nagkaroon ng CVD; 59.0% ng mga NH Black na babae, 37.3% ng mga Hispanic na babae, at 38.5% ng mga NH Asian na babae.
- Noong 2022, CVD ang sanhi ng pagkamatay ng 446,912 babae (lahat ng edad). Mga babae ang bumubuo sa 47.5% ng mga pagkamatay dahil sa CVD.
- Noong 2021, 3,290 babae ang sumailalim sa mga heart at great vessel bypass procedure, kumpara sa 4,630 lalaki, at 143,240 babae ang sumailalim sa mga percutaneous coronary intervention kumpara sa 301,385 lalaki. [MULA SA SEKSYON NG MGA MEDIAL PROCEDURE, TABLE 27-1]

**Coronary Heart Disease (CHD) (ICD-9 410 hanggang 414, 429.2; ICD-10 I20 hanggang I25 (kabilang ang MI ICD-10 I21 hanggang I22)**

- Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020, humigit-kumulang 8.8 milyong babaeng nabubuhay ang may CHD. 3.2 milyong babae ang may history ng myocardial infarction (MI, o atake sa puso).
- Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020, sa mga babae edad 20 pataas, 2.2% ng mga NH White na babae ay nagkaroon na dati ng MI; 2.3% ng mga NH Black na babae, 1.9% ng mga Hispanic na babae, at 0.5% ng mga NH Asian na babae.
- Mas mataas ang prevalence ng mga lalaki sa MI kumpara sa mga babae para sa lahat ng grupo ng edad. Sa pangkalahatan, ang prevalence sa MI ay 4.5% para sa mga lalaki at 2.1% para sa mga babae.
- Batay sa data mula 1995 hanggang 2012, 23% ng mga babae edad 45 pataas na nagkaroon na dati ng tukoy na MI ang namatay sa loob ng isang taon kumpara sa 18% ng mga lalaki. Sa loob ng 5 taon pagkatapos ng unang MI, 47% ng mga babae at 36% ng mga lalaki ang namatay. Nagkakaroon ng mga MI ang mga babae sa mas matatandang edad kumpara sa mga lalaki, at mas mataas ang tsansa nilang mamatay dahil dito sa loob ng ilang linggo.
- Mula 2017 hanggang 2020, ang pangkalahatang dami ng pagkakaroon ng CHD ay 5.8% sa mga babae at 8.7% sa mga lalaki.
- Ang prevalence sa CHD ay mas mataas para sa mga lalaki kaysa sa mga babae sa lahat ng grupo ng edad.
- Sa mga babae edad 20 pataas, 5.9% ng mga NH White na babae ang nagkaroon ng CHD, 6.3% ng mga NH Black na babae, 6.1% ng mga Hispanic na babae, at 3.9% ng mga Asian na babae.
- Batay sa data mula 2005 hanggang 2014, ang average na edad ng unang MI ay 72.0 taong gulang para sa mga babae at 65.6 taong gulang para sa mga lalaki.

## Mga Babae at CVD - Fact Sheet ukol sa Istatistika sa 2025\*

- Noong 2022, 147,554 babae ang namatay dahil sa CHD (39.7% ng lahat ng pagkamatay dahil sa CHD); 41,334 dahil sa MI (39.8% ng lahat ng pagkamatay dahil sa MI).

### **Stroke (ICD-9 430 hanggang 438; ICD-10 I60 hanggang I69)**

- Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020, ang dami ng naso-stroke ay 5.4 milyon para sa mga babae kumpara sa 4.0 milyong lalaki, edad 20 pataas.
- Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020, sa mga babae edad 20 pataas, 3.6% ng mga NH White na babae ay nagkaroon na dati ng stroke; 5.4% ng mga NH Black na babae, 2.5% ng mga Hispanic na babae, at 1.5% ng mga NH Asian na babae.
- Noong 2022, stroke ang dahilan ng pagkamatay ng 93,574 babae (56.6% ng kabuuang pagkamatay dahil sa stroke).

\* Dahil sa pagkakaiba-iba ng ulat, may ilang istratestika na maaaring hindi maaasahan.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istratestika sa Fact Sheet na ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istratestika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istratestika.

©2025 American Heart Association, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit.

### **High Blood Pressure (ICD-9 401 hanggang 404; ICD-10 I10 hanggang I15)**

- Noong 2017 hanggang 2020, mas mataas na porsyento ng mga lalaki kaysa sa mga babae ang may high blood pressure hanggang 64 na taong gulang. Para sa mga indibidwal edad 65 pataas, ang porsyento ng mga babaeng may hypertension ay mas mataas kumpara sa mga lalaki.
- Noong 2017 hanggang 2020, 59.6 milyong babae edad 20 taon pataas ang may high blood pressure, na 43.0% ng mga babae. [IDINAGDAG]
- Sa mga babae edad 20 pataas noong 2017 hanggang 2020, may hypertension ang mga sumusunod: 42.6% ng mga NH White na babae; 58.4% ng mga NH Black na babae; 35.3% ng mga Hispanic na babae; at 37.6% ng mga NH Asian na babae.
- Sa mga babaeng may HBP mula 2017 hanggang 2020, 27.6% ng mga NH White na babae ang nagawang kontrolin ang kanilang BP; 25.6% ng mga NH Black na babae; 23.9% ng mga Mexican American na babae.
- Noong 2022, 67,553 babae ang namatay dahil sa HBP. Kumakatawan ito sa 51.4% ng mga pagkamatay dahil sa HBP.

### **Heart Failure (HF) (ICD-9 428; ICD-10 I50)**

- Ayon sa 2017 hanggang 2020 na data, humigit-kumulang 3.0 milyong nasa hustong gulang na babae edad 20 pataas ang nagkaroon na ng HF (1.9% ng mga babae).
- Sa mga babae edad 20 pataas mula 2017 hanggang 2020, 1.6% ng mga NH White na babae ang nagkaroon ng HF,

\* Dahil sa pagkakaiba-iba ng ulat, may ilang istratestika na maaaring hindi maaasahan.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istratestika sa Fact Sheet na ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istratestika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istratestika.

©2025 American Heart Association, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal ang hindi awtorisadong paggamit.

## Mga Babae at CVD - Fact Sheet ukol sa Istatistika sa 2025\*

3.3% ng mga NH Black na babae, 1.6% ng mga Hispanic na babae, at 0.5% ng mga NH Asian na babae.

- Noong 2022, 46,284 babae ang namatay dahil sa HF (52.6% ng mga pagkamatay ng HF).

### Paninigarilyo

- Ayon sa 2022 na data, ang lifetime na paggamit ng mga produktong tabako para sa mga indibidwal edad 12 hanggang 17 ay mas mababa sa mga babae kumpara sa mga lalaki (8.4% kumpara sa 8.9%).
- Sa mga nasa hustong gulang edad 18 taon pataas noong 2022, ang panghabambuhay na paggamit ng mga produktong tabako ay mas mababa sa mga babae (54.5%) kaysa sa mga lalaki (69.9%).
- Sa mga nasa hustong gulang edad 18 pataas noong 2021, 10.1% ng mga babae at 13.1% ng mga lalaki ang kasalukuyang naninigarilyo, na nag-uulat na naninigarilyo araw-araw o paminsan-minsan.
- Ayon sa 2023 data, mga e-cigarette ang pinakakaraniwang ginagamit na produktong tabako sa mga kabataan, kung saan 12.2% ang mga babae at 8.0% ang mga lalaki na gumagamit ng mga e-cigarette.
- Sa mga babaeng nanganak noong 2017, 6.9% ang naninigarilyo habang buntis. Pinakamataas ang mga rate ng paninigarilyo para sa mga buntis na babae edad 20 hanggang 24 at sa mga NH American Indian at Alaska Native na babae sa lahat ng edad.

### Mataas na Cholesterol sa Dugo

- Ayon sa 2017 hanggang 2020 na data, sa mga bata edad 6 hanggang 11, ang mean na kabuuang cholesterol level ay 157.4 mg/dL; 157.5 mg/dL para sa mga lalaki at 157.2 mg/dL para sa mga babae.
- Ayon sa 2017 hanggang 2020 na data, sa mga kabataan edad 12 hanggang 19, ang mean na kabuuang cholesterol level ay 154.8 mg/dL; 150.1 mg/dL para sa mga lalaki at 159.7 mg/dL para sa mga babae.
- Sa mga nasa hustong gulang edad 20 pataas noong 2017 hanggang 2020:
  - 32.8% ng mga lalaki at 36.2% ng mga babae ang nagkaroon ng mga total cholesterol level na 200 mg/dL o mas mataas.
  - 9.5% ng mga lalaki at 10.4% ng mga babae ang nagkaroon ng mga total cholesterol level na 240 mg/dL o mas mataas.
  - 25.6% ng mga lalaki at 25.4% ng mga babae ang nagkaroon ng low-density lipoprotein (LDL) cholesterol na 130 mg/dL o mas mataas.
  - 24.9% ng mga lalaki at 9.3% ng mga babae ang nagkaroon ng high-density lipoprotein (HDL) cholesterol na wala pang 40 mg/dL.

### Pisikal na Aktibidad

- Ayon sa 2022 na data, ang porsyento ng mga kabataan edad 0 hanggang 17 taon na naglalaan ng  $\geq 4$  h/d sa harap ng telebisyon, computer, cell phone, o iba pang electronic device sa panonood ng mga programa, paglalaro, pag-access sa internet, o paggamit ng social media (hindi kasama ang gawain sa eskwelahan) sa karamihan ng mga weekday ay 22.0%. Ang porsyento ay 23.0% para sa mga lalaki at 21.4% para sa mga babae.

\* Dahil sa pagkakaiba-iba ng ulat, may ilang istorya na maaaring hindi maaasahan.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istorya sa Fact Sheet na ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga inilulat na istorya.

## Mga Babae at CVD - Fact Sheet ukol sa Istatistika sa 2025\*

- Ayon sa 2020 na data, ang porsyento ng mga babaeng nasa hustong gulang na nakakatugon sa mga aerobic na alituntunin at mga alituntunin sa pagpapalakas ng muscle ay 28.7% sa mga 18 hanggang 34 na taong gulang; 22.7% sa mga 35 hanggang 49 na taong gulang; 17.6% sa mga 50 hanggang 64 na taong gulang; at 10.8% sa mga 65 taong gulang pataas.
- Ayon sa 2021 na data, ang mga estudyante sa high school na nagsasagawa ng  $\geq 60$  minutong pisikal na aktibidad sa loob ng lahat ng 7 araw sa isang linggo ay 23.9%. Mas mataas ang porsyento sa mga lalaki (31.7%) kumpara sa mga babae (15.7%). Ang porsyento ng mga estudyante sa high school na sumali sa mga aktibidad sa pagpapalakas ng muscle nang  $\geq 3$  d/wk ay 56.6% sa mga lalaki at 32.3% sa mga babae.

### Obesity

Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020:

- Sa lahat ng babae edad 2 hanggang 19, 18.5% ang obese; 15.4% ng mga NH White na babae, 30.8% ng mga NH Black na babae, 23.0% ng mga Hispanic na babae, at 5.2% ng mga NH Asian na babae.
- Sa lahat ng nasa hustong gulang na babae, 41.8% ang obese; 39.6% ng mga NH White na babae, 57.9% ng mga NH Black na babae, 45.7% ng mga Hispanic na babae, at 14.5% ng mga NH Asian na babae.

### Diabetes (ICD-9 250; ICD-10 E10 hanggang E11)

- Batay sa 2017 hanggang 2020 na data, sa tinatayang 29.3 milyong Amerikanong nasa hustong gulang na na-diagnose na may diabetes ng doktor, 12.9 milyon ang babae (9.1% ng lahat ng babae); 7.7% ng mga NH White na babae, 13.3% ng mga NH Black na babae, 12.3% ng mga Hispanic na babae, at 9.9% ng mga NH Asian na babae.
- Batay sa 2017 hanggang 2020 na data, sa tinatayang 9.7 milyong Amerikanong may hindi na-diagnose na diabetes, humigit-kumulang 5.1 milyon ang babae (3.5% ng lahat ng babae); 2.8% ng mga NH White na babae, 3.2% ng mga NH Black na babae, 4.5% ng mga Hispanic na babae, at 5.2% ng mga NH Asian na babae.
- Batay sa 2017 hanggang 2020 na data, sa tinatayang 115.9 milyong Amerikanong may prediabetes, humigit-kumulang 52.4 milyon ang babae (40.0% ng lahat ng babae); 38.8% ng mga NH White na babae; 35.7% ng mga NH Black na babae, 41.3% ng mga Hispanic na babae, at 40.2% ng mga NH Asian na babae.
- Noong 2022, diabetes ang dahilan ng pagkamatay ng 43,652 na babae (43.1% ng lahat ng pagkamatay dahil sa diabetes).

\* Dahil sa pagkakaiba-iba ng ulat, may ilang istratehika na maaaring hindi maaasahan.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istratehika sa Fact Sheet na ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istratehika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga inilulat na istratehika.

## Mga Babae at CVD - Fact Sheet ukol sa Istatistika sa 2025\*

Ang mga fact sheet, infographics, at mga kasalukuyan/dating paglalathala ng Update sa Istatistika ay mada-download mula sa:

[Heart and Stroke Association Statistics | American Heart Association](#) (website sa Ingles).

Maraming istatistika sa fact sheet na ito ang galing sa mga hindi nailathalang tabulation na pinagsama-sama para sa dokumento ng Update sa Istatistika at maaaring banggitin gamit ang citation sa dokumento na nakalista sa ibaba. Nakalista sa buong dokumento ang mga pinagkunan ng data na ginamit para sa mga tabulation. Dagdag dito, nanggaling sa mga nailathalang pag-aaral ang ilang istatistika. Kung babanggitin mo ang alinman sa mga istatistika sa fact sheet na ito, pakibasa ang buong dokumento ng Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke upang malaman ang mga pinagkunan ng data at orihinal na citation.

Hinihiling ng American Heart Association na banggitin ang buong dokumento na gaya ng sumusunod:

Martin SS, Aday AW, Allen NB, Almarzooq ZI, Anderson CAM, Arora P, Avery CL, Baker-Smith CM, Bansal N, Beaton AZ, Commodore-Mensah Y, Currie ME, Elkind MSV, Fan W, Generoso G, Gibbs BB, Heard DG, Hiremath S, Johansen MC, Kazi DS, Ko D, Leppert MH, Magnani JW, Michos ED, Mussolino ME, Parikh NI, Perman SM, Rezk-Hanna M, Roth GA, Shah NS, Springer MV, St-Onge M-P, Thacker EL, Urbut SM, Van Spall HGC, Voeks JH, Whelton SP, Wong ND, Wong SS, Yaffe K, Palaniappan LP; sa ngalan ng Komite sa Mga Istatistika at Komite sa Mga Istatistika ng Stroke ng Konseho sa Epidemiyolohiya at Pag-iwas ng American Heart Association. Mga istatistika ng sakit sa puso at stroke sa 2025: isang ulat mula sa American Heart Association tungkol sa data mula sa US at buong mundo. *Circulation*. Na-publish online noong Enero 27, 2025.

Pakidirekta ang lahat ng tanong sa media sa News Media Relations sa <http://newsroom.heart.org/newsmedia/contacts> (website sa Ingles).

\* Dahil sa pagkakaiba-iba ng ulat, may ilang istatistika na maaaring hindi maaasahan.

Maliban na lang kung iba ang nakasaad, nauugnay sa Estados Unidos ang lahat ng istatistika sa Fact Sheet na ito. Mangyaring sumangguni sa kumpletong Update sa Mga Istatistika para sa mga sanggunian at karagdagang impormasyon para sa mga iniulat na istatistika.